Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 13 NG DISYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 374-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 52-T'2000/KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 2-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JOSE NA NAGLALAAN NG HALAGANG ANIM NA LIBO AT ANIMNARAANG PISO (P6,600.00) UPANG ILAAN PARA SA KARAGDAGANG CASH GIFT NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY NA MAGMUMULA SA MGA BALANSE NG ALLOWANCE NG BARANGAY TANOD (P4,400.00), ALLOWANCE NG BARANGAY TANOD (P2,000.00) AT SA INSURANCE NG BARANGAY TANOD (P200.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 52-T'2000/Kautusan sa Paglalaan Blg. 2-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng San Jose na naglalayong makapagliwat ng laang gugulin ng nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T,* ang naturang kapasiyahan ay dumaan sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 52-T'2000/Kautusan sa Paglalaan Blg. 2-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng San Juan na naglalaan ng halagang P6,600.00 upang ilaan para sa karagdagang Cash Gift ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay na magmumula sa mga balanse ng Allowance ng Barangay Tanod (P4,400.00); Allowance ng Barangay Tanod (P2,000.00) at sa Insurance ng Baranggay Tanod (P200.00) nabanggit na barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Barangay San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan